



Pagmasdan ang pusong dalisay, tanggapin ng wagas sa puso

Sa isyung ito, kinapanayam namin si Bb. Angela Kanamaru Hatanaka na nagpapalaki ng kanyang mga anak na may Awtismo. (Lungsod ng Koka)



Dumating ako ng Japan 25 taon na ang nakalilipas at nabiyayaan ako ng kambal na anak babae at lalaki sa kasalukuyan kong bagong napangasawa. Mayron din akong tatlong anak doon sa una kong napangasawa at ang isa dito ay nasa sapat na gulang na at kasama naming namumuhay dahil sa may kapansanan siya sa pangkaisipan. Dahil ang asawa ko ay natokang magtrabaho sa malayo ng 7 taon halos pinalaki kong mag isa ang kambal, kinakarga ko sila na ang isa ay nasa unahan at ang isa naman ay nasa likuran. Nung nasa 2 at kalahating taon gulang palang ang kambal sila ay nakitaan na may awtismo at ngayon kasalukuyan nasa 11 taon gulang na sila.

Iba-iba ang antas ng awtismo ng aming mga anak. Ang lalaki naming anak ay paulit-ulit sinasabi ang salita, subalit, sa kaso ng anak naming babae ay mas malubha dahil hindi siya makapagsalita. Mayron siyang mga natatanging gawi na sunod-sunod niyang ginagawa sa sariling mundo niya tulad ng umaabot siya ng halos 40 minutos magbihis dahil mas gusto niyang gamitin palagi ang parehong damit at paliguan ang sarili ayon sa kanyang kagustuhan sa parehong magkasunod-sunod na galaw. Kung hindi ito nagagawa ayon sa gusto niya natataranta siya at sinisimulan niyang sadyang tamaan ang kanyang ulo at saktan ang sarili sa pamamagitan ng kanyang mga kuko. subalit, Kung nasa mabuting kondisyon naman siya malinis niyang inaayos ang mga bagay-bagay ayon sa pagkakasunod-sunod nito at mahilig din siyang maglambing at yumakap sa akin.

Araw-araw inihahatid naming mag-asawa ang mga bata sa paaralan para sa may mga kapansanan. Sumasali din sila sa mga serbisyong-aktibidad pagkatapos ng mga aralin 2 beses tuwing linggo. Limitado lang makapaglaro sa lugar ng palaruan ang mga batang may kapansanan dahil may posibilidad na makapagdulot sila ng gulo sa ibang mga bata. Kung kaya ang serbisyong ito ay napakamahalagang pagkakataon para sa kanila. Buwan-buwan dinadala din namin sila sa ospital upang matingnan ang kanilang kalusugan.

Ginagawa din naming mag asawa ang mangalap ng mga ibat-ibang impormasyon patungkol sa kalagayan ng mga bata upang kahit papaano makagaan man lamang sa kapansanan nila, umaasang sana maiugnay kami sa mga dalubahasang-pangangalaga. Habang lumalaki ang mga bata seguridad akong mas marami pa kaming magiging problema kaya lalo akong nag aalala para sa kanilang kinabukasan. Subalit bilang magulang umaasa kaming sana nasa mabuting kalagayan at mamuhay ng matiwasay ang aming mga anak.

Tungkol naman sa akin, nagtrabaho ako bilang part-timer habang nasa paaralan ang mga anak ko at kung may natitira pa akong oras, nag aaral ako ng Nihongo hanggat kaya ko, tulad ng sa mga pang rehiyonal na klase para sa nihongo. Sa bahay naman, nag aaral din ako ng nihongo mula sa telebisyon ngunit dahil ang anak kong babae ay sensitibo sa mga tunog, nag aaral ako na nakapatay ang volume ng tunog, naghahanap ako ng mga terminolohiya kung may mga pangalang-pamagat na hindi ko maintindihan. Para sa kapakanan ng mga anak namin pinag iisipan namin na makakuha ng nasyonalidad na hapon kaya ito ang rason kung bakit ako nag aaral ng Nihongo. Sumubok ako ng pagsusulit para sa katatasan sa wikang hapon nitong nakaraang araw . Nag aaral din akong magpintura gamit ang krayola, nakakatuwa ito at umaasa akong balang araw maipinta ko rin ng larawan ang aking mga anak.

Katulad ko, seguridad akong maraming din mga taong nangangalaga ng kanilang mga anak na may kapansanan. Ang nais ko lang sabihin doon sa mga tagapag-alaga ay isaalang-alang nila ang kanilang mga anak, Kung iisipin nila ang mga sinasabi ng iba o kung hindi nila tatanggapin ng seryoso ang mga pangyayari at tatakbo sa mga problema hindi kaagad maibibigay ang dapat na suporta, pagpagamot, pag aaral para sa mga bata. Kung kaya gusto ko silang magkaroon ng lakas ng loob na tanggapin nila ang kanilang mga anak ng buo at wagas sa puso. Nais ko rin sabihin ganun din doon sa mga taong nahaharap sa ibat ibang mga pagsubok. Nitong kailan lang sa tingin ko ang mga social networking services ay punong-puno ng mga masasayang mga pahayag tulad ng mga sariling bakasyon at mga pagkain na nagiging mahirap malaman ang katotohanan sa likod ng buhay ng mga tao. Subalit sa totoo lang maraming mga taong may mga dinadalang problema patungkol sa mga bata, mga mag-asawa, karahasan(DV) at doon sa mga nangangailangan ng tulong na hindi kayang harapin ang katotohanan dahil nababahala sa kung ano ang sasabihin ng iba, patungkol sa bisa o kaya dahil sa pinansiyal na rason kaya hindi sila makaahon sa kahirapan. Para sa kapakanan ng mga taong mahal mo, o para sa sarili mo, nais ko na ang mga taong ito ay magkaroon ng lakas ng loob na harapin ang katotohanan, at humingi ng tulong kung kinakailangan at para sa iba naman na tumulong doon sa mga nangangailangan, upang makabuo ng isang masiglang lipunan para sa lahat. .


Marami akong mga naging karanasan sa buhay, ang iba dito ay sobrang hirap, ngunit nalampasan ko ang mga ito isa-isa. Gusto kong magtuloy-tuloy lang ang buhay pasulong at huwag susuko.

Tungkol sa Pag-unlad ng bata at ang mga suporta para dito

Maraming mga pamamaraan sa pagsubaybay sa kalusugan at sa pag-unlad ng mga bata sa Japan. Sa Prepektura ng Shiga ang mga bagong silang na sanggol ay sumasailalim ng pagsusuri para sa pandinig na kapansanan sa pamamagitan ng "Pagsusuri sa pandinig para sa mga bagong silang na sanggol. Kung may kahilingan, sinusuri din ang mga bagong silang para sa Kapansanan mula sa pagkapanganak (NBS)/congenital metabolic disorder upang malaman kung may mga kapansanan ito na siyang nagiging dahilan sa pagbagal ng progreso sa pag-unlad dahil sa mababa ang metabolismo nito o natatago, at mabigyang lunas upang mapigilan ang pagkakaroon ng kapansanan. Ang mga sanggol at mga bata ay sumasailalim sa pagsusuri mula sa mga pang-munisipalidad na pagsusuri at may pagsusuri din sa mga bata bago sila pumasok sa paaralan sa elementarya, maliban sa pagsubaybay sa bakuna, ang mga dokumento at mga konsultasyon mula sa mga magulang, pagsusuri sa kalusugan na isinasagawa sa mga partikular na panahon ng pambatang progreso para sa maagang pagsusuri at paggamot sa kapansanan mula sa espesyalistang pangangalaga sa kalusugan. Dahil ang mga katangian ng ilang mga kapansanan sa paglaki ng bata ay makikita lamang sa ilang mga yugto ng progreso, mahalagang makatanggap ng mga pagsusuri sa kalusugan sa nabanggit na edad na tinutukoy ng bawat pamahalaang munisipal.

Mga Samahan para sa may mga kapansanan sa pag-unlad

May mga pagkakataon para matuto at may mga ibang pasilidad na angkop doonsa pangangailangan ng bawat isa.



Mga Organisasyon na tumatanggap ng pagsangguni o mga suliranin patungkol sa pag unlad ng bata

- Mga Sentrong sumusuporta sa pagpaunlad. Mga sento ng pangkalusugan, Seksyon para sa pangkapakanang ng may kapansanan sa bawat lungsod o bayan.
- Institusyong pang-medikal (Doktor para sa mga bata. Doktor sa pangkaisipan)
- Sentro ng Edukasyon sa Prepektura ng Shiga Tel 077-588-2505

Kung hindi mo alam kung saan dapat makipag ugnayan、 o kung nagkasabay-sabay ang mga kapansanan na nagangailangan ng espesyalistang pangangalaga" makipag-ugnayan sa "Shiga prefecture medical welfare one-stop consultation desk" Tel 077-569-5955



☆ Ang Sentro ng Pambansang Rehalibitasyon para sa may mga kapanasan ay may mga impormasyon sa ibat-ibang wika. Gamitin ito para sa inyong sanggunian/reperensiya.



Tungkol sa matatanggap na benepisyo dulot ng Pinsala o Pagkakasakit 「Shobyoteatekin」

Maliban sa mga gastusing-medikal mayroon din mga matatanggap na benepisyo kung kasapi sa segurong pangkalusugan ng kumpanya. At isa sa mga ito ay ang matatanggap na benepisyo dulot ng Pagkakasakit o Pinsala 「Shobyoteatekin」



Maaring maharap sa mahirap na sitwasyon ang pamumuhay kung lumiban sa trabaho ng mahabang panahon dahil sa pagkakasakit o pinsala. Gayunpaman, sa pamamagitan ng pagsapi sa subsidyong matatanggap na benepisyo para sa pagkakasakit o pinsala, kayo ay makakatanggap ng benepisyo mula sa segurong pangkalusugan para sa mga gastusin sa pamumuhay.

Ipinatupad ang subsidyong matatanggap na benepisyo para sa pagkakasakit o pinsala upang matustusan ang pamumuhay ng nakasaping tao at ang pamilya nito na mabigyan ng subsidyong matatanggap na benepisyo kung sakaling lumiban ito sa trabaho dulot ng pagkakasakit o pinsala.

【Halaga ng benepisyo】 2/3 mula sa kabubuan ng karaniwan sweldo mula sa kamakailang 12 buwan na panahon. Mangyaring tandaan, ito ang kabuuang suweldo na naiulat ng kumpanya doon sa kumpanya ng seguro. Hindi ito isasabay sa inyong suweldo pagkatapos ng mga pagbawas.

【Kondisyon sa pagbabayad】

- ① Lumiban sa trabaho dulot ng Pagkakasakit o Pinsala na nakuha mula sa labas ng trabaho
- ② Hindi maaring makapagtrabaho (kailangan ng kumpirmasyon mula sa doctor)
- ③ Hindi ka maaring makapagtrabaho ng mahigit 4 na araw, pati na ang 3 magkakasunod na mga araw.
- ④ Walang natanggap na sweldo habang nakaliban sa trabaho (Kailangan ng kumpirmasyon mula sa amo ng trabaho)

Maaring pakitsek ang HP ng Kyokai-kempo o kaya makipag ugnayan sa tanggapan nito para sa mga detalye.

Kyokai-kempo Shiga Branch

TEL 077-522-1099 (Hapon)

Kyokai-kempo Subsidyong Matatanggap na kabayaran para sa pagkakasakit o pinsala

<https://www.kyoukaikenpo.or.jp/g3/sb3040/r139/>

Aplikasyon para sa Shobyoteate

<https://www.kyoukaikenpo.or.jp/g2/cat230/r124/>

Paraan sa pagsulat ng aplikasyon

<https://youtu.be/z6Xqu7RSvbE>

Mas mura ang pangkaraniwang gamot(Generic Medicine)



Ang pangkaraniwang gamot ay may kasing epektibong mga sangkap katulad sa mga may tatak na gamot at may katumbas na epekto ng lunas subalit ibenebenta ito ng mas mura kesa mga may tatak na gamot dahil naibebenta lang ito pagkatapos matatakan ang mga bagong gamot kaya mas mura ito. Karaniwan na sa Japan ang pangkaraniwang gamot na ito, mabilang na halos 80% ng medikasyon na binibigyan ng reseta ng mga doktor (Ang mga gamot na ito ay maaring mabibili sa mga ospital o sa mga botikang nagbebenta nito.)

Kung nais ninyong bumili ng pangkaraniwang gamot na ito sa mga ospital o mga botikang nagbebenta nito.

mangyaring ipakita ang reseta at sabihin ang “pangkaraniwang gamot”. Kung hindi kayo komportable sa inyong nihongo, maari ninyong ma-scan ang QR code at ipakita ang imahe nito sa tauhan ng ospital/botika.

(May mga karaniwan klase din ng paggagamot na hindi maaring magamit ang pangkaraniwang gamot.)



Pahayagan Mimitaro

★Tangkilikin ang mga kulay ng tag-lagas sa Shiga

Mag uumpisa ang pagpalit ng kulay ng mga dahon ng tag-lagas sa iba't ibang rehiyon simula katapusan ng oktubre. Ang koto sanzai (3 templo na nakalista sa ibaba) ay isa sa 100 na napiling pinakapangunahing lugar upang tangkilikin ang kagandahan ng mga dahon sa tag-lagas.

- Saimyoji Temple TEL 0749-38-4008
Koura-cho Ikedera 26, Inukami-gun
- Kongourinji Temple TEL 0749-37-3211
Aisho-cho Matsuodera 874, Echigun
- Hyakusaiji Temple TEL 0749-46-1036
Hyakusaiji 323, Higashiomi
- Metasequoia TEL 0740-27-1811
Makinoko Hiruguchi~Makino
- Hikone Castle Genkyuen TEL 0749-22-2742
Konkicho 3-40, Hikone

★Sa “Sertipikado at ligtas na Kainan at Inuman pumunta”!

Ang pangunahing hakbang iwas-impeksiyon ay sertipikadong ipinatupad sa Prepektura ng Shiga para sa kaligtasan at tiwala ng mga bisita. Tangkilikin ang mga pagkain habang sinusunod ang mga pangunahing hakbangin iwas-impeksiyon!



Hanapin ang seal na ito

Mga sertipikadong Kainan at Inuman →



Online sayt para sa klase sa Nihongo

★Pag aaral ng Nihongo sa online kahit saan man

May serbisyong suportang -edukasyon sa online para sa mga mag aaral na may lahing banyaga. Ang organisasyon na ito ay tumutu -gon doon sa mga ibat ibang mga kailangan para sa pag aaral ng Nihongo. Tulad sa mga mag aaral na hindi makapag paghanda ng mga kailangang kagamitan sa loob ng sa loob ng silid aralan.

Info NICO PROJECT



★Website para “Mga Dayuhang Residente” upang matuto ng Wikang Hapon

Ang Ahensiyang Relasyon-Kultural ay nagbibigay ng mga gamit- aralin para sa pang araw-araw na pamumuhay ng mga dayuhang naninirahan sa Japan gamit ang ICT. Maaring makapamili ng mga aralin na naayon sa gusto mo.



BALITA MULA SA MIMITARO



★Silid-aralan ng Nihongo para sa Trabaho

Aplikasyon: Hello Work

- Lungsod ng Konan Sun Life Kousei
Nobyembre 8 ~ Pebrero 16 pang-gabi lebel 2
- Lungsod ng Moriyama Moriyama-ekimae sogo annai-jo comm.hall
Nobyembre 11 ~ Pebrero 22 pang-umaga lebel 2
- Lungsod ng Higashiomi Sentro ng Kultura at Sining ng Yokaichi
Nobyembre 16 ~ Marso 1 pang-gabi lebel 1

★Kursong Pagpataas ng husay sa trabaho

Aplikasyon: Hello Work

- Nilalaman: Komunikasyon sa Nihongo, paggamit ng kompyuter, pagsasanay sa pangunahing kaalaman sa pangangalaga at iba pa.
- Panahon : Disyembre 1, 2021~ Marso 31, 2022
9: 30am ~ 4:00pm
- Lugar : Career College ITOGEN
(Minakuchicho Motoayano 1-7, Koka)
- Kapasidad: 15 katao
- Panahon ng aplikasyon Oktubre 8 ~ Oktubre 26



♡[Patnubay sa pagpili ng Kurso] Para sa mga bataang may lahing dayuhan at sa mga Magulang nito

Mayroon din Konsultasyon patungkol sa bisa mula sa tanggapan ng Imigrasyon!

- Araw at oras: Oktubre 23 (Sabado) Alas 1:30 ~4:00pm
- Lugar : G-NET Shiga malaking bulwagan (Omihachiman)
- Maaring lumahok: Mga batang may lahing dayuhan (mula baitang 5~ hanggang JHS) at ang kanilang mga magulang.

Info Shiga Intercultural Association for Globalization

TEL 077-526-0931

Pahayag mula sa SIA

★Pangangalagang-emerhensiya sa panahon ng bakasyon sa bagong taon. Makikita sa katapusan ng Disyembre sa HP ng SIA ang mga impormasyon patungkol sa mga medikal na institusyon sa panahon ng bakasyon sa bagong taon



Paumanhin at Pagsasaayos

Humihingi po kami ng paumanhin sa pagkakamali sa naitalang impormasyon patungkol sa [Mga silid-aralan ng nihonggo sa loob ng prepektura ng shiga] sa ika-140 na isyu ng Mimitaro . Itatama po ang sumusunod na impormasyon [Oumi Nihonggo Fureai Club]

Oras at Petsa: 10:30 ~12:00 (lunes) Lugar: Piazza Omi

Ang susunod na Isyu ng Mimitaro ay sa buwan ng Enero